

## Ang Plano ng Ontario na Magpatayo (Ontario's Plan to Build)

**Ang 2022 Badyet ay sinusuportahan ang plano para sa mas mahusay na mga trabaho at mas malalaking sweldo, pagtatayo ng mga daang-bayan (highway), sistema ng mga sasakyang pampubliko (transit) at mga ospital, at mabawasan ang mga gastos para sa mga pamilya**

TORONTO - Ngayon, pinalabas ng Ministro ng Pananalapi na si Peter Bethlenfalvy ang 2022 Badyet. *Ang Plano ng Ontario na Magpatayo* ay may limang mga haligi:

1. Pagbubuong muli ng Ekonomiya ng Ontario
2. Gumagawa Para sa mga Manggagawa
3. Pagtatayo ng mga Daang-bayan at Pangunahing Impra-istruktura
4. Panatilihin Mabawasan ang mga Gastos
5. Isang Plano na Panatilihin Bukas

Sasamantalain ng plano ng pamahalaan ang mga pagkakataon sa mga kritikal na mineral, baterya at pagmamamupaktura ng mga de-koryente at hybrid na sasakyan, tutulong sa paghahatid ng mas magandang trabaho at mas malaking suweldo para sa mga manggagawa, tutulong na mabawasan ang mga gastos para sa mga pamilya, at palahin ang lupa para sa mga highway, transit, ospital at iba pang pangunahing impra-istruktura. Sinusuportahan ng isang plano na panatiling bukas, ang pamahalaan ay itinatayo ang Ontario.

"Ang mga tao ng Ontario ay karapat-dapat sa isang pamahalaan na may tunay na planong magtayo," sabi ni Ministro Bethlenfalvy. "Ang Badyet ng ating pamahalaan ay ang pananaw ni Premier Ford at ang aming plano na putulin ang mga dahilan at kumilos kaagad sa mga priyoridad ng mga tao ng Ontario."

Ang *2022 Badyet* ay patuloy sa katibayan ng taluntunin ng pamahalaan sa malakas na pamamahala sa pananalapi. Kasama sa plano ang mga pagtaas sa programa ng batayan na paggasta sa isang kainaman na taunang halaga na humigit-kumulang limang porsyento sa susunod na tatlong taon. *Ang Badyet ay naglalahad din ng isang plano sa pagbawi na maalis ang kakulangan ng Ontario na mas maaga sa dalawang taon kaysa sa panukala sa 2021 na Badyet.*

"May plano ang ating pamahalaan, at gumagana ang planong iyon," sabi ni Ministro Bethlenfalvy. "Ngunit hindi pa tapos ang gawain, at hindi pa tapos ang tungkulin. Handa na kaming gawin ito para sa mga tao ng Ontario."

**Ang Pagbubuong muli ng Ekonomiya ng Ontario** ay ang unang haligi ng plano ng pamahalaan. Habang ang Ontario ay nawalan ng 300,000 na mga trabaho sa pagmamamupaktura sa pagitan ng 2004 at 2018, ang pamahalaan ay may plano na tumulong sa paglikha ng mga trabaho at bumuo ng kaunlaran sa lahat ng dako, para sa lahat.

Kasama sa pinakamahalaga:

- Ang pagkakataon sa pagkuha ng mga kritikal na mineral sa Ontario ay nagsisimula sa Hilaga. Ang mga kritikal na mineral ay magiging bahagi ng hinaharap ng malinis na bakal, mga baterya at hybrid at mga sasakyang de-koryente habang ang susunod na henerasyon ng mga sasakyan ay itinayo sa Ontario, ng mga manggagawa sa Ontario at ibinebenta sa buong Hilagang Amerika at sa mundo. Kasama sa plano ng pamahalaan ang hanggang \$1 bilyon para sa pamanang imprastruktura, tulad ng mga panlahat na panahon (all-season) na kalsada patungo sa Ring of Fire, na itinatayo sa daanang patungo sa kaunlaran. Ang plano ay sinusuportahan din ng isang Istratehiya ng Kritikal na mga Mineral (Critical Minerals Strategy) at \$2 milyon sa 2022–23 at \$3 milyon sa 2023–24 upang lumikha ng Pondo sa Pagbabago ng Kritikal ng mga Mineral (Critical Minerals Innovation Fund).
- Pagtulong na lumikha ng mahusay na mga trabaho sa pagmamanupaktura habang ang Ontario ay magiging pinuno ng Hilagang Amerika sa pagbubuo ng mga sasakyan sa hinaharap. Noong unang bahagi ng Abril 2022, ang Ontario ay nakakita ng higit sa \$12 bilyon sa mga bagong pamumuhunan para sa mga kautusan sa paggawa ng sasakyan at pagmanupaktura ng baterya sa nakalipas na 18 buwan. Sinusuportahan din ng Ontario ang mga pamumuhunan upang makatulong na gawing nangunguna sa mundo ang probinsiya ng malinis, mababang-pagbubuga na bakal upang tumulong sa paggawa ng mga sasakyan sa lalawigan.
- Gumagawa upang magdala ng mga trabaho sa mga ahensyang panlalawigan para sa mga komunidad sa buong Ontario upang makatulong sa pag-udyok sa paglago ng ekonomiya. Magsisimula ito sa paggagalugad sa paglipat ng punong-tanggapan ng Workplace Safety and Insurance Board (WSIB) sa London, pakikipagtulungan sa ahensya at iba pang mga kasosyo, at pagtukoy sa mga pangunahing kalye ng mga komunidad sa punong-tanggapan ng mga bagong ahensya ng pamahalaan.
- Namumuhunan ng halos \$107 milyon sa susunod na tatlong taon upang matulungan ang lalawigan na makipagkumpitensya sa mga pamamahala sa isang pandaigdigang karera upang bumuo at magmay-ari ng mga kritikal na teknolohiya.
- Halos \$4 bilyon upang suportahan ang high-speed internet access sa bawat komunidad sa Ontario sa pagtatapos ng 2025.

**Gumagawa Para sa mga Manggagawa** ay ang pangalawang haligi ng plano ng pamahalaan. Ang mga manggagawa sa Ontario ay karapat-dapat sa isang pamahalaan na nagtatrabaho nang kasing hirap gaya ng ginagawa nila para sa Ontario. Kaya naman may plano ang pamahalaan na suportahan ang mas magagandang trabaho at mas malaking sweldo.

Kasama sa pinakamahalaga:

- Ang pagtataas ng pangkalahatang pinakamaliit na sahod sa \$15.50 kada oras sa Oktubre 1, 2022, habang ginagarantiyahan ang mga manggagawa sa digital platform ng pangkalahatang pinakamaliit na sahod at mga bago, una-sa-Canada na mga proteksyon.
- Ang pamumuhunan ng \$1 bilyon taun-taon sa mga programa sa pagtatrabaho at pagsasanay upang matulungan ang mga tao na muling sanayin at mapahusay ang kanilang mga kasanayan habang ang lalawigan ay patuloy na sumusuporta sa mas magagandang trabaho at pagkakataon para sa mga manggagawa sa Ontario.
- Ang pamumuhunan ng karagdagang \$114.4 milyon sa loob ng tatlong taon sa Istratehiya sa mga Dalubhasang Trabaho (Skilled Trades Strategy) nito upang alisin ang kasiraan na nauugnay sa mga dalubhasang trabaho (skilled trade) at pasimplehin ang sistema.

- Ang pagpapalawak ng pagbibigay ng titulo sa kolehiyo upang makatulong na bumuo ng pahatiran ng paraan ng mga nagtapos na handa sa trabaho sa mga inilapat na larangan at payagan ang mga mag-aaral na makakuha ng edukasyon, karanasan at kasanayan upang makapasok nang mas mabilis sa kabuuang bilang ng manggagawa.
- Ang Pagbibigay ng \$268.5 milyon sa loob ng tatlong taon sa karagdagang pagpopondo sa pamamagitan ng Employment Ontario upang palakasin ang mga programa ng pagsasanay sa kasanayan at trabaho ng pamahalaan, kabilang ang mga pangunguna sa pagbawi ng pandemya.
- Ang muling paglulunsad ng programang Pangalawang Karera (Second Career) bilang Mahusay na Mga Trabaho sa Ontario (Better Jobs Ontario) upang suportahan ang mas malaki, mas magkakaibang hanay ng mga manggagawa sa Ontario na may \$5 milyon sa bagong pagpopondo sa 2022–23, bilang karagdagan sa halos \$200 milyon na namuhunan sa nakalipas na tatlong taon. Ang Better Jobs Ontario ay tumutulong sa mga natanggal na manggagawang walang trabaho na makuha ang pagsasanay kailangan nila upang maging kwalipikado para sa lubos na kinakailangan (in-demand), mahusay na sahod na mga trabaho at ikonekta mga lokal na maypatrabaho sa mga labis na dalubhasang (high-skilled) manggagawa na kailangan nila.
- Pag-akit ng mga bagong dating na may planong may kasamang karagdagang \$15.1 milyon sa loob ng tatlong taon sa Programa ng Ontario sa Napiling Dayuhan (Ontario Immigrant Nominee Program – OINP), na nagmumungkahi ng mga aplikante para sa permanenteng paninirahan na may mga kasanayan at karanasan na tumutugma sa mga pangangailangan ng Ontario sa pagbibigay at pagtutustos ng manggagawa.

**Pagtatayo ng mga Daang-bayan at Pangunahing Imprastruktura** ay ang pangatlong haligi sa plano ng pamahalaan. Sa napakatagal na panahon, ang mga tao ng Ontario ay humantong sa pagkahinto o gridlock, na may libu-libong oras na nasasayang sa mga punong pasahero ng mga tren, o sa pagmamaneho ay dikit-dikit ang depensa ng awto o (bumper-to-bumper) dahil sa trapiko, na nagkakahalaga ng bilyun-bilyon sa ekonomiya ng lalawigan. Kailangan ito ay magbago. Ang pamahalaan ay pinapala ang lupa upang magtayo ng mga highway, transit at iba pang mga proyekto sa imprastruktura upang labanan ang gridlock, palakasin ang ekonomiya at lumikha ng mga trabaho.

Kasama sa pinakamahalaga:

- Ang pagpapalano ng isa sa pinakamaambisyoso na mga planong kapital sa kasaysayan ng lalawigan, na may mga nakaplanong pamumuhunan sa susunod na 10 taon na may kabuuang \$158.8 bilyon, kabilang ang \$20 bilyon sa 2022–23.
- Ang pamumuhunan ng \$25.1 bilyon sa susunod na 10 taon upang suportahan ang pagpapalano at pagtatayo ng mga proyekto sa highway sa buong lalawigan, kabilang ang:
  - Pagtatayo ng Highway 413
  - Pagtatayo ng Bradford Bypass
  - Ang mga unang mga hakbang upang paganahin ang pagpapalawak sa hinaharap ng Highway 401
  - Ang pagpapabuti ng QEW Garden City Skyway
- Ang pagpapatuloy ng susunod na yugto ng konstruksiyon para sa bagong Highway 7 sa pagitan ng Kitchener at Guelph
- Ang muling konstruksiyon ng Highway 101, ang Timmins Connecting Link

- Ang pamumuhunan na \$61.6 bilyon sa loob ng 10 taon para sa sistema ng sasakyang pampubliko, kabilang ang:
  - Pagsisimula ng pagtatayo sa Linya ng Ontario
  - Pagsulong ng pagpapalano para sa Pagpapahaba (Extention) ng Sheppard Subway
  - Pagpapalano at disenyo ng trabaho para sa Pagpapahaba (Extension) ng Eglinton Crosstown West sa Toronto Pearson International Airport
  - Ang Pagpapahaba (Extention) ng Bowmanville GO Rail
  - Mga biyahe sa anumang araw maliban kung araw ng Sabado at Linggo ng GO Rail papunta at pabalik ng London at Union Station sa Toronto.
  - Pasahero ng serbisyo ng tren papuntang Hilagang-silangan ng Ontario.

Mamumuhunan ng humigit-kumulang \$14 bilyon sa mga capital grant sa susunod na 10 taon upang magtayo at mag-renew ng mga paaralan at mga lugar ng pangangalaga sa bata.

Tingnan ang [\*Isang Pinakamahalagang Plano para sa Pagpapatayo ng Ontario \(A Capital Plan for Building Ontario\)\*](#) para sa higit pang mga detalya.

**Panatiliing Mabawasan ang mga Gastos** ay ang pang-apat na haligi ng plano ng pamahalaan. Kapag tumaas ang mga gastos, may direktang epekto ito sa mga pamilya, nakatatanda, manggagawa at ekonomiya. Iyon ang dahilan kung bakit may plano ang pamahalaan na tumulong na mapababa ang mga gastos sa pamamagitan ng pagtaas ng pagtutos ng pabahay, ginagawa itong mas mura sa pagmamaneho o pagbibiyaha, at sa pamamagitan ng pagbibigay ng kaluwagan sa lahat mula sa pangangalaga sa bata hanggang sa mga buwis.

Kasama sa pinakamahalaga:

- Ang pagpapatupad ng isang pangmatagalang plano upang tugunan ang krisis sa pabahay, na ipinaalam na rekomendasyon ng Pangat ng sadyang pagpapatupad ng proyektong Kakayahang Pabahay (Housing Affordability Task Force). Kabilang dito ang pagsuporta sa paglikha ng lahat ng uri ng pabahay sa pamamagitan ng pagpapabilis ng mga pag-apruba upang maparami ang pagpapala sa lupa nang mas mabilis, pagbibigay-prioridad sa mga bumibili ng bahay sa Ontario kaysa sa mga dayuhang nagbabakasakali o speculators, pagsugpo sa mga hindi etikal na tagapaggawa, at pangangakong magpakilala ng plano ng aksyon sa pagtustos ng pabahay bawat taon para sa susunod na apat na taon.
- Ginagawang mas mura ang pagmamaneho sa pamamagitan ng pag-aalis at pag-refund ng mga bayarin sa pag-renew ng plaka para sa mga pampasaherong sasakyan, mga light-duty na trak, motorsiklo at moped, pagbabawas ng buwis sa gas ng 5.7 sentimo kada litro sa loob ng anim na buwan simula Hulyo 1, 2022, at pag-alis ng mga toll sa Highway 418 at 412.
- Nagmumungkahi na magbigay ng karagdagan \$300 sa Personal Income Tax (PIT) (Buwis sa Personal na Kita) kaluwagan, sa karaniwan, sa humigit-kumulang 1.1 milyong nagbabayad ng buwis sa pamamagitan ng pagpapahusay sa Low-income Individuals and Families Tax Credit (Binabawas sa Buwis sa Mababang-kita ng mga Indibidwal at mga Pamilya).
- Ang pagpapababa ng mga bayarin sa pangangalaga ng bata para sa mga magulang at pagsiguro ng isang patas na kasunduan para sa Ontario sa pamamagitan ng paglagda ng \$13.2 bilyong kasunduan sa pederal

na pamahalaan sa isang mahalagang hakbang tungo sa pagkamit ng kainaman na \$10-isang-araw na pangangalaga sa bata sa Setyembre 2025.

**Isang Plano na Panatilihin Bukas** ay ang panlimang haligi sa plano ng pamahalaan. Sa higit sa 32 milyong dosis ng bakuna na pinangangasiwaan at higit sa 90 porsiyento ng mga taong may edad na 12 pataas na ganap na nabakunahan, ang Ontario ay naging mas mahusay kaysa sa maraming pamamahala sa panahon ng pandemya ng COVID-19. Maingat na inalis ng lalawigan ang mga paghihigpit, at bumabawi ang ekonomiya. Upang matugunan ang mga hamon na maaaring haharapin, ang pamahalaan ay gumagawa ng malalaking pamumuhunan sa planong manatiling bukas.

Kasama sa pinakamahalaga:

- Pagpapalawak ng manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan ng Ontario sa pamamagitan ng:
- Paglulunsad ng bagong Learn and Stay Grant (Pondo para sa Matuto at Manatili) para sa hanggang 2,500 karapat-dapat na mga mag-aaral sa postsecondary na nag-enroll sa mga priority program, gaya ng nursing, at nagtatrabaho sa mga komunidad na kulang sa serbisyo sa rehiyon kung saan sila nag-aral pagkatapos ng graduation.
- Pagtulong na panatilihin ang mga nars sa buong sektor ng kalusugan at patatagin ang kasalukuyang lakas ng kabuuang bilang ng mga nagtrabahong nars (nursing workforce) sa pamamagitan ng pamumuhunan ng \$764 milyon sa loob ng dalawang taon upang mabigyan ang mga nurse ng Ontario ng pangganyak sa pananatili (retention incentive) na hanggang \$5,000 bawat tao.
- Binubuo ang 8,600 manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan na idinagdag sa sistema mula noong Marso 2020, namumuhunan ng \$230 milyon noong 2022–23 upang mapahusay ang kapasidad sa pangangalagang pangkalusugan.
- Pamumuhunan ng \$42.5 milyon sa loob ng dalawang taon simula sa 2023–24 upang suportahan ang pagpapalawak ng 160 undergraduate at 295 post-graduate na mga posisyon, kabilang ang sa mga bagong medikal na paaralan sa Brampton at Scarborough.
- Pag-iipon ng produksiyon na panlokal ng mga kritikal na pagtustos at pagtiyak na ang Ontario ay handa para sa hinaharap na mga emerhensiya sa pamamagitan ng paggawa, noong Abril 2022, ng higit sa \$77 milyon ng Ontario Together Fund (Pondo para sa Sama-sama sa Ontario) upang magamit ang halos \$230 milyon sa mga pamumuhunan upang suportahan ang pagmamanupaktura ng gawa sa Ontario na personal na kagamitan sa proteksyon (PPE).
- Tinatanggap ang pagkakataong maging isang pandaigdigang sentro para sa biomanufacturing at life sciences at gumawa ng estratehikong pamumuhunan na \$15 milyon sa loob ng tatlong taon sa isang bagong Programa sa Pagbabago ng Mga Siyensiya ng Buhay (Life Sciences Innovation Program) para bumuo at palakihin ang komersyal na potensyal ng mga therapeutic at medikal at digital na teknolohiya.
- Pagtatayo at pagpapabuti ng mga ospital sa pamamagitan ng pamumuhunan ng higit sa \$40 bilyon sa susunod na 10 taon sa impra-istruktura ng ospital at pangangalagang pangkalusugan na sumusuporta sa higit sa 50 pangunahing proyekto ng ospital na magdaragdag ng 3,000 bagong kama sa loob ng 10 taon.

- Paggawa ng mga makasaysayang pamumuhunan sa mga ospital na may karagdagang \$3.3 bilyon sa 2022–23, na dinadala ang kabuuang karagdagang mga pamumuhunan sa mga ospital sa \$8.8 bilyon mula noong 2018–19. Namumuhunan din ang pamahalaan ng \$3.5 bilyon sa loob ng tatlong taon para suportahan ang pagpapatuloy ng mahigit 3,000 kamang pang-ospital na inilagay sa panahon ng pandemya at \$1.1 bilyon sa loob ng tatlong taon para suportahan ang pagpapatuloy ng daan-daang bagong adult, pediatric at neonatal critical care bed na idinagdag sa panahon ng COVID -19.
- Paggawa ng mga karagdagang pamumuhunan sa pangangalagang tahanan sa pamamagitan ng pagpaplanong mamuhunan ng hanggang sa karagdagang \$1 bilyon sa susunod na tatlong taon. Ang pamahalaan ay nagmumungkahi din ng isang bago, nare-refund na Ontario Seniors Care at Home Tax Credit (Binabawas sa Buwis para sa Pangangalaga ng mga Nakatatanda sa Bahay ng Ontario) para tulungan ang mga nakatatanda na may edad 70 at mas matanda na may karapat-dapat na mga gastusin sa pangangalaga sa bahay upang matulungan ang mga tao na manatili sa kanilang mga tahanan nang mas matagal.

#### **MGA MALIWANAG NA KATOTOHANAN**

- Ang tunay na gross domestic product (GDP) ng Ontario ay tumaas ng 4.3 porsiyento noong 2021, at tumaas ang trabaho ng 344,800 netong trabaho noong 2021 o 4.9 porsiyento, ang pinakamalakas na taunang bilis ng paglago ng trabaho na naitala.
- Ang Ontario ay inaasahang babalik sa sobrang posisyon sa 2027–28, dalawang taon na mas maaga kaysa sa pagtataya sa *2021 na Badyet*. Sa loob ng kalagitnaang panahon (medium term), ang pamahalaan ay nag-uukol ng patuloy na pagbaba ng mga kakulangan na \$19.9 bilyon sa 2022–23, \$12.3 bilyon sa 2023–24, at \$7.6 bilyon sa 2024–25, na kumakatawan sa isang makahulugang pagpapabuti mula noong *2021 na Badyet*.
- Ang netong debt-to-GDP ratio ay inaasahang magiging 40.7 porsiyento sa 2021–22, 8.1 porsiyentong puntos na mas mababa kaysa sa 48.8 porsiyentong taya na ipinakita sa *2021 Badyet*. Sa medium-term na pananaw, ang net debt-to-GDP ratio ng Ontario ay tinatayang magiging 41.4 porsiyento sa 2022–23 at 2023–24, at bababa sa 41.3 porsiyento sa 2024–25.
- Ang mga pagbabago sa batasan na iminungkahi bilang bahagi ng *Plano ng Ontario na Magpatayo (Ontario's Plan to Build)* ay, kung maipapasa, ay makakatulong upang lumikha ng tuluy-tuloy na mga serbisyo sa pagbibiyaha sa mga hangganan ng munisipyo ng Toronto, sugpuin ang pandaraya sa seguro sa sasakyan, at alisin ang kinakailangan para sa punong tanggapan ng WSIB na matatagpuan sa Toronto.

#### **Karagdagang Mapagkukunan ng Impormasyon**

[2022 Badyet: Ang Plano ng Ontario na Magpatayo](#)

Basahin [Mga Pinakamahalaga sa 2022 Badyet: Ang Plano ng Ontario na Magpatayo](#)

[Isang Pinakamahalaqang plano para sa Pagpapatayo ng Ontario](#)

[Ekonomiya at Pagreperasong Pampanuusan](#)

---

MGA MATATAWAGAN SA MEDIA

[ontario.ca/finance-news](https://ontario.ca/finance-news)

*Disponible en français*

**Emily Hogeveen**  
**Opisina ng Ministro**

647-294-6166

[Emily.Hogeveen@ontario.ca](mailto:Emily.Hogeveen@ontario.ca)

**Scott Blodgett**

Sangay ng Komunikasyon

416-728-9791

[Scott.Blodgett@ontario.ca](mailto:Scott.Blodgett@ontario.ca)